# *Aral Mula sas Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 83*

***"42 Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi, at huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang." (Mateo 5:42 KJV)*** Sa Banal na Kasulatang ito inilarawan ni Jesus ang mga bagay na may kaugnayan sa salapi at materyal; na mga bagay na may kinalaman sa mga alagad at ng mga tagasunod ni Jesus sa mga taong nakapalibot sa kanila.

***"Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi,"*** Ipinayo ni Cristo na bigyan ang mga himihingi sa iyo. Upang ganapin iyon ay kailangan sundin ang ilang mga puntos:

Alamin sa mga taong naghihingi sa iyo kung ano ang mga bagay na kailangan nila. Marami ang lumalapit para humingi, kung sila ba ay pamilya, kamag anak, kasamahan, kapitbahay, atbp, hindi sila nangangailangan, ngunit sila'y naghahangad. O kaya naman ay kaya nilang mamahala sa ibang paraan, pero sinasamantala ka lamang nila. Ngunit pati na rin marami rin ang nangangailangan at kailangan mong kumilos agad para matulungan sila.

Sa paglilingkod na ginagawa ni Jesus tinutulungan Niya ang mga taong dukha. Mababasa natin sa Juan na ito'y karaniwan kay Jesus, na nag iingat ng supot ng pera kay Judas, upang turuan siyang ibigay sa mga mahihirap na tao tulad ng mababasa natin dito habang si Jesus ay nagsasalita kay Judas ***"28 Hindi nga natalastas ng sinomang nasa dulang kung sa anong kadahilanan sinalita niya ito. 29 Sapagka't iniisip ng ilan, na sapagka't si Judas ang may tangan ng supot, ay sinabi ni Jesus sa kaniya, Bumili ka ng mga bagay na ating kailangan sa pista; o, magbigay siya ng anoman sa mga dukha." (Juan 13:28-29 KJV)*** Kaya dito matutuhan din natin bilang isang simbahan na ang pera ay kailangang ipunin at itabi kapag kinakailangan kung gayon itutuwid tayo ni Jesus sa kailangan nating ibigay sa mga taong mahihirap. Sa ating simbahan, mula sa ating nakolekta mayroon tayong limang porseyento na nakatalaga sa mahihirap sa mga nangangailangan at sa mga nagpapahaayg ng kanilang kailangan at para sa mga napag alaman natin na sila'y nangangailangan kung gayon makakapagbigay tayo. Ito ay mabuting paraaan na ang pera na ating nakolekta sa simbahan at idirekta tayo ni Cristo sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa kung kanino nating ibibigay.

Ang ilan ay nagtatanong at iyon ay karaniwang tanong: kung maari ba nilang ibigay ang kanilang ikapu sa mahihirap? Hindi, hindi mo maaring gawin iyon, kailangan mong dalhin ang iyong ikapu sa kamalig ng Panginoon, na iyon ay ang Kanyang simbahan, gaya ng mababasa natin sa ***Malakias 3***, ***"10 <u>Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig</u>, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." (Malakias 3:10 KJV)*** * Pagkatapos mong dalhin ang iyong ikapu, tayo bilang simbahan ay itinatabi ang ilan nito sa mga dukha, upang sa gayong paraan ikaw ay masunurin sa utos ng Dios sa pagbibigay ng iyong ikapu, at sinusunod mo ang utos ng Dios sa pagbibigay sa mga dukha, * Maaring may mga dukha sa palibot mo, at naiisip mo na kailangan nila ng tulong, sa gayong sitwasyon maari kang magbigay ng kaunting suporta ngunit hindi mula sa iyong ikapu, o maaring mong ipagbigay alam ang kanilang kalagayan sa simbahan at maari nating tingnan at makita kung sila'y nangangailangan ng tulong. * Maari ka ring magbigay sa pundo ng limos na nasa simbahan, bukod sa iyong ikapu.

Ang pagtawag sa atin na tumulong ay tulungan sila sa kanilang pagkain at pananamit at sa kanilang mga pangunahing bagay sa buhay, tulad ng mababasa natin dito: ***"15 Kung ang isang kapatid na lalake o babae ay hubad at walang kakanin araw-araw, 16 At ang isa sa inyo ay magsabi sa kanila, Magsiyaon kayong payapa, kayo'y mangagpainit at mangagpakabusog; at gayon ma'y hindi ninyo ibinibigay sa kanila ang mga bagay na kinakailangan ng katawan; anong mapapakinabang dito?" (Santiago 2:15-16 KJV)*** Malinaw na tinukoy dito ni Apostol Santiago ang pangangailangan sa pagkain at pananamit na mahalaga sa buhay. Mababasa rin natin ito sa ***1 Juan: "17 Datapuwa't ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang kapatid na nangangailangan, at doo'y ipagkait ang kaniyang awa, paanong mananahan ang pagibig ng Dios sa kaniya? 18 Mumunti kong mga anak, huwag tayong magsiibig ng salita, ni ng dila man; kundi ng gawa at katotohanan." (1 Juan 3:17-18 KJV)*** Tingnan dito hindi tayo tinawag upang tulungan ang mga tao sa ibang pangangailangan tulad ng pagtatayo ng bahay, pagpapa aral sa mga bata sa kolehiyo, pagtulong sa mga gastusin sa paglipat, pagsisimula sa negosyo, atbp.

Pagbibigay ng limos sa mga mahihirap ang mauunawaan dito ay hindi ito babayaran.

Kaya, para sa kadahilanan ng pagbibigay ng mga limos ng tiyak na halaga ng pag iipon na kailangan isantabi upang kapag dumating na ang pangangailangan maari na tayong kumilos upang tumulong at magbigay ginhawa.

***"Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka't nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha." (Kawikaan 22:9 KJV)*** Nagbibigay tayo ng limos upang tulungan ang mahihirap dahil iniibig natin ang Dios at iniibig natin ang ating kapwa. Itinagubilin ni Jesus na magbigay ng mga limos at tulungan ang mga nangangailangan. Ipinangako Niya sa atin na pagpapalain tayo ng Dios Ama kapag ginawa natin ito mula sa

mabuting puso. ***"Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain:"*** na ang tao na may magandang loob na mata na nagmula sa magandang kalooban ay pagpapalain dahil ibinigay niya ang kanyang tinapay sa dukha. Kaya, kailangan nating mag ipon, upang maibahagi natin sa mahihirap at pagpalain pa. Kung tayo ay mahirap, sa gayon hindi natin maiibahagi at hindi tayo magiging pagpapala alinman sa ating sarili o sa iba. Sinasabi rin dito ang tungkol sa pagbibigay ng tinapay na ang pangunahing kailangan ng pagkain at ibang mahahalagang bagay na kailangang matugunan.

Paano natin maibibigay ang ating mga limos sa mahihirap? Ating basahin ang sinabi ni Jesus: ***"1 Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit. 2 Kaya nga pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag kang tutugtog ng pakakak sa harap mo, na gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga daan, upang sila'y mangagkapuri sa mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti. 3 Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay: 4 Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka." (Mateo 6:1-4 KJV)*** Makakapgbigay tayo ng mga limos sa patago, kung ito ay pagkain o damit o ibang kailangan, nang walang pagpapahayag at pagsasabi sa ibang tungkol dito.

* Hindi nakakahiya na maging mahirap, ngunit nakakahiya at makasalanan kung hindi natin alam kung paanong makaahon mula sa kahirapan, panangasiwaan ang ating buhay ayon sa kalooban ng Dios, at matutunang mag ipon at maging mayaman ayon sa tuntunin ng Banal na Kasulatan. * Kaya, sa ating pagsisikap na tulungan ang mahihirap, kailangang turuan natin sila kung paanong sa huli'y makaahon sa kahirapan at simulang tulungan ang iba.

***"Huwag mong ikait ang mabuti sa kinauukulan, pagka nasa kapangyarihan ng iyong kamay na ito'y gawin." (Kawikaan 3:27 KJV)*** Ang ibinibigay sa mahihirap ay nararapat sa kanila. Kapag sila ay karapat dapat at mayroon tayo kung gayon ay kailangan nating bigyan sila ng kanilang pagkain at damit. Nangangahulugan ito na kailangan nating suriin ang sitwasyon at magpasya tungkol sa kung ano ang ibibigay.

***"Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan; ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan." (Awit 112:9 KJV)*** Ang pagbibigay ng mga limos ay katuwiran; kaya ito ay tungkulin ng lahat ng mga alagad ni Crito, ayon sa kanilang kakayahan, dapat managana doon.

***"Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan." (Santiago 1:27 KJV)*** Totoo na ang ating mga limos ay hindi makakapagdala sa atin sa Langit, ngunit totoo na hindi tayo makakapunta sa Langit ng wala ang mga ito. Ito ay dalisay na relihiyon, pagmasdan na nauna na sinabi natin nang malinaw ang tungkol sa balo na kailangan nating tulungan, at sa madaling salita ang mga nasa mas taas ng 60, ay walang mga anak na tutulong sa kanila, at ang mga taong namumuhay ng banal na buhay. Tungkol sa mga ulila na nawalan ng magulang, mas mabuti na ampunin ang ulila at alagaan siya sa iyong pamilya, dahil ang mga ulila ay nangangailangan ng pagkain, damit, at kapaligiran ng tahanan.

Anong mabuting limos ang maidudulot pa sa atin?

***A. Gagantimpalaan pa tayo ng mga materyal na bagay: "24 May nagsasabog, at tumutubo pa, at may humahawak naman ng higit kay sa karampatan, nguni't nauuwi lamang sa pangangailangan. 45 Ang kaluluwang mapagbigay ay tataba: at siyang dumidilig ay madidilig din." (Kawikaan 11:24-25 KJV) "17 Ang naaawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon, at ang kaniyang mabuting gawa ay babayaran sa kaniya uli." (Kawikaan 19:17 KJV)*** Habang tayo'y nagbibigay sa mga dukha at nangangailangan, ang Panginoon ang magbibigay pa sa atin ng higit, habang pinapaginhawa natin ang iba pagiginhawain tayo ng Dios, at habang pinapainom natin ang iba paiinumn din tayo ng Panginoon.

***B. Katiyakan mula sa kakulangan at kakulangan: "27 Siyang nagbibigay sa dukha ay hindi masasalat: nguni't siyang nagkukubli ng kaniyang mga mata ay magkakaroon ng maraming sumpa." (Kawikaan 28:27 KJV)*** Ang matuwid na nagbibigay, ang kaniyang mga anak ay mananagana. ***"Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda; gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan, ni ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay." (Awit 37:25 KJV)*** Ang matuwid na nagbibigay, ang kanyang mga anak ay hindi maghihirap.

***C. Giginhawa mula sa pagkabalisa: "1 Mapalad siya na nagpapakundangan sa dukha: ililigtas siya ng Panginoon sa panahon ng kaligaligan. 2 Pananatilihin siya, at iingatan siyang buhay ng Panginoon, at siya'y pagpapalain sa ibabaw ng lupa; at huwag mong ibigay siya sa kalooban ng kaniyang mga kaaway." (Awit 41:1-2 KJV)*** Habang pinapaginhawa natin ang mahihirap, ang Panginoon ay pagiginhawain tayo sa panahon ng kaguluhan at pagkabalisa.

***D. <u>Karangalan at mabuting pangalan</u>: "Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan; ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan." (Awit 112:9 KJV)*** Karangalan at mabuting pangalan ay matatanggap mula sa Panginoon.

***E. <u>Ang Gantimpala sa Langit at muling kabayaran sa pagkabuhay na mag uli ng matuwid na may walang hanggang kayamanan,</u>"13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap." (Lucas 14:13-14 KJV)*** Gagantimpalaan ng Panginoon tayo sa Langit para sa pagtulong na ibinibigay natin sa mahihirap.

Kung hindi mo kayang suriin ang sitwasyon ay maari hindi ka obligadong magbigay. Ano ang karaniwang ginagawa namin at ang iminumungkahi namin sa inyo, kapag tumulong kayo, kung maaari ay magbigay kayo ng pagkain at damit at iwasang magbigay ng pera para makatiyak kayo na ang inyong pera ay gagastusin sa mahahalagang bagay; pagkain at damit.

Bukod sa pagbibigay ng pagkain at damit, sa tiyak na mga pagkakataon na maaari tayong kumilos upang magbigay ginhawa sa ilang mga kapatid o sa mga tao sa paligid natin bilang pinapangunahan tayo ng Banal na Espiritu mula sa iba pang panggigipit sa kanilang buhay.

Ito ay mas mabuti para sa sitwasyon na masuri ng simbahan bago ang sinumang indibidwal ay kumilos sa kanyang sariling pagkukusa, lalo na kung malaking halaga ang ibibigay.

Ang kahalagahan ng simbahan na kasangkot at may kamalayan tungkol sa mga kahilingan ay dahil ang ilan ay darating na may mga gawa gawang salaysay at gagamitin ang ilang mga miyembro ng simbahan upang makakuha ng pera mula sa kanila. Sila'y lalapit na may mga ginawang salaysay at maling motibo, at lalapitan ang mga kilalang tao nang may kanilang mabait na puso at masayang pagbibigay. Maaari ring gamitin ng diablo ang Kasulatan, halimbawa ng sinabi ni Jesus, "***"Bigyan ang sa iyo'y humihingi"***, upang manguha ng pera sa simbahan at sa mga kapatid.

Sa pangkalahatan aking ipinapayo para sa lahat ng mga kasapi bago magbigay ng pera, ang higit kung malaki ang halaga, halika at ipaalam ang isyu at humingi ng payo at bilin upang maiwasan ang mga problema sa iyong buhay sa ibang pagkakataon sa hinaharap. Kung ayaw mong lumapit at ipaalam sa simbahan, kung gayon ang iyong sarili ang magdadala ng sakit at hindi ang simbahan.

Sinabi ni Jesus, ***"Bigyan ang sa iyo'y humihingi"***, Ngayon ano ang mga bagay na maari nating ibigay sa mga humihingi sa atin?

• Maaari tayong manalangin para sa mga tao at mamagitan para sa kanila at hilingin sa Panginoon na ipahayag ang Kanyang sarili sa kanila at bigyang-kasiyahan ang kanilang mga pangangailangan.
• Maibabahagi natin sa kanila ang mensahe ng Kaligtasan, na si Jesus ay namatay para sa kanilang mga kasalanan sa krus upang bigyan sila ng buhay na walang hanggan.
• Maaari natin silang payuhan at turuan mula sa Salita ng Dios at sa kalooban ng Dios upang malutas ang kanilang mga problema at magkaroon sila ng tamang patnubay sa kanilang buhay.
• Maipapayo natin sa kanila kung paano makaahon sa kahirapan at mga gusto sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng Salita ng Dios at ng tamang paraan ng paghawak sa kanilang pananalapi.
• Maaari nating ibahagi sa kanila ang mga materyal na bagay na kailangan nila tulad ng pagkain, pananamit, tirahan, transportasyon, pananalapi, tulong medikal, gamot, at mag-alok ng mga medikal na payo.

Kung ating babalikan ang salaysay ng isang balo na siya ay lumapit kay Eliseo pinayuhan niya siya ng kailangan niyang gawin para malutas ang kanyang suliranin. Hindi binigyan ni Eliseo ng pera gaya ng dati nating tinalakay ang salaysay na iyon, ***"1 Sumigaw nga kay Eliseo ang isang babae na isa sa mga asawa ng mga anak ng mga propeta, na nagsasabi, Ang iyong lingkod na aking asawa ay patay na: at iyong talastas na ang iyong lingkod ay natakot sa Panginoon: at ang pinagkautangan ay naparito upang kuning alipinin niya ang aking dalawang anak, 2 At sinabi ni Eliseo sa kaniya, Anong gagawin ko sa iyo? saysayin mo sa akin; anong mayroon ka sa bahay? At sinabi niya, Ang iyong lingkod ay walang anomang bagay sa bahay liban sa isang palyok na langis. 3 Nang magkagayo'y sinabi niya, Ikaw ay yumaon, manghiram ka ng mga sisidlan sa labas sa lahat ng iyong mga kapitbahay, sa makatuwid baga'y ng mga walang lamang sisidlan; huwag kang manghiram ng kaunti. 4 At ikaw ay papasok, at ikaw at ang iyong mga anak ay magsasara ng pintuan, at iyong ibubuhos ang langis sa lahat ng sisidlang yaon; at iyong itatabi ang mapuno. 5 Sa gayo'y nilisan niya siya, at siya at ang kaniyang mga anak ay nagsara ng pintuan; kanilang dinala ang mga sisidlan sa kaniya, at kaniyang pinagbuhusan. 6 At nangyari, nang mapuno ang mga sisidlan, na kaniyang sinabi sa kaniyang anak, Dalhan mo pa ako ng isang sisidlan. At sinabi niya sa kaniya: Wala pang sisidlan. At ang langis ay tumigil, 5 Nang magkagayo'y naparoon siya, at kaniyang isinaysay sa lalake ng Dios. At kaniyang sinabi,***

***ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabi." (2 Hari 4:1-7 KJV)*** Si Eliseo ay nagtanong sa kanya ng buong salasay at tinanong din siya ng kung anong kailangan niya, ngunit sa huli nagbigay siya ng payo na may plano upang lutasin ang kanyang suliranin at makaahon sa kahirapan, ngunit hindi niya binigyan siya ng anumang salapi o materyal na bagay.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Masiyahan tayo ngayon sa ganitong halaga ng pagtuturo, at magpapatuloy tayo sa susunod na mensahe. Lumapit tayo ngayon sa Panginoon at ipangako natin ang ating buhay na patuloy na ipamuhay ang ating natutuhan sa ating buhay at sa ating ministeryo, na hinihiling sa Kanya na akayin tayo na ibigay ang nararapat para sa Kanya sa pagbibigay sa mga mahihirap at nangangailangan.

Italaga natin ang ating sarili na pangasiwaan ang ating pananalapi nang maayos habang nagtatrabaho tayo upang kumita, mag ikapu sa ating kita, gumastos ng matalino at mag ipon para sa hinaharap, at itago ang ilan upang tulungan ang mahihirap. Ipangako natin ang ating sarili na iabot ang matulunging kamay sa mga mahihirap sa ating paligid at lalo na sa ating mga kapatid na nangangailangan.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inlibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa pagpapaalala sa akin na magkaroon ng malasakit kung paanong pangasiwaan ang aking pananalapi nang maayos at tulungan ang mahihirap at ang mga nangangailangang nakapalibot sa akin.*

*Ipahayag at talikdan ang iyong mga kasalanan; ang iyong hindi mabuting pangangasiwa at pagbubugget, maling pamamahala sa iyong pananalapi, kakulangan ng pag iikapu ang iyong kita, at ang iyong kawalan ng malasakit sa mga mahihirap. Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan _________________.*

*Panginoon ipinagako ko ang aking sarilui na ipamuhay ang aking natutunan sa mensahe ngayon.*

*Panginoon ito ang aking pasya na itinatalaga ko ang aking sarili na gawin _________________.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na tulungan ang sumusunod na mahihirap na mga tao ________________ at turuan sila kung paanong makaahon sa kahirapan.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na tumugon sa iyong Salita at tumalima na gawin at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon protektahan sila at ibigay sa kanila ang karunungan at pagkilala kung paanong ipamuhay ang mensahe sa kanilang buhay at ministerio.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at pangunahan kami palagi na iabot ang matulunging kamay sa mga dukha at nangangailangan; sa mga ulila, sa mga balo, sa may karamdaman, sa mga pilay at sa lahat na mga nasa ilalim ng pribilehiyo. Panginoon buksan ang aming mga mata na makita at bigyan kami ng karunungan at pagkilala kung paanong gawin ang paglilingkod sa mga dukha at nangangailangan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magpatuloy at mag evangelio at gumawa ng bagong mg alagad at magsanay ng mga manggagawa upang magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan, Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahanm'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon papalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu, ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 83. Mateo 5:42. Juan 13:28-29. Malakias 3:10. Santiago 2:15-16. I Ni Juan 3:17-18. Kawikaan 22:9. Mateo 6:1-4. Kawikaan 3:27. Santiago 1:27. Mga Kawikaan 11:24-25. Kawikaan 19:17. Mga Kawikaan 28:27. Mga Awit 37:25. Mga Awit 41:1-2. Mga Awit 112:9. Lucas 14:13-14. 2 Mga Hari 4:1-7.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com